# Gabay sa Ritual

## PARA SAAN ANG GABAY NA ITO

Sinulat ko ang Gabay sa Ritual na ito para turuan ang mga koronadong misyonaryo na handa na magritual at para ipaalam sa mga kliyenteng nagparitual paano ko ginagawa at paano gumagana ang ritual.

**BABALA:**
**Ang mga gagawa mismo ng ritual na walang sapat na kahandaan o spiritual na enerhiya ay gumagawa nito sa sarili nilang risk o panganib na posibleng magdulot ng sakit, kamalasan o kamatayan.**

## Ano ang Ritual?

Ang ritual sa kadalasang paggamit nito ay special na dasal para makakuha ng hiling. Sa mas pangkalahatang pagsasakahulugan, ang ritual ay spiritual na gawain na may kahulugan ayon sa intensyon ng taong nagriritual.

Maraming iba ibang klaseng ritual na pwedeng gawin ayon sa kung ano din ang gustong mangyari. Dito tatalakayin ko ang karaniwang ritual na pag-alay ng hayop at pagdarasal.

## Ano ang Ritualista?

Ang ritualista ay isang tao na nagsasagawa ng ritual. Para maging mahusay na ritualista, dapat ay magpatuloy sa kabanalan dahil ang kalakasan ng ritual ay nakasalalay sa kabanalan ng ritualista. Habang mas banal ang tao, mas buo ang kanyang enerhiya kaya mabibigyan siya ng kapangyarihan para sa pagtupad ng mga kahilingan.

Ang pagiging ritualista ay isang propesyon bilang misyonaryo. Bilang mga misyonaryo sa mundo ay kailangan natin ng kabuhayan katulad ng ibang tao at isang posibilidad ang pagiging ritualista bilang misyonaryo kung maabot ng misyonaryo ang ganitong kapangyarihan ayon sa kanyang pagsisikap.

## Bakit kailangan ng ritual?

**Lahat ng tao ay may hadlang na sumpa sa pinakaugat ng lahat ng bagay kaya nga tayo ay may mga pagdurusa sa mundong ito.**

Kamalasan sa kayamanan, pagmamahal o kalusugan - lahat ay dulot ng sumpa. Ang kulam, barang, usog, aswang, atake sa kaluluwa, atake sa engkanto at iba pa ay nakaugat din lahat sa sumpa pero pinalakas lang. Ang ritual ay ang paraan para tanggalin nga ang sumpa at iba pang spiritual na atake na kaakibat.

Ang tao ay sinumpaan na mamamatay dahil nga sa kasalanang nagawa niya sa kabilang mundo bago siya naging tao, sa mga kasalanan ng mga ninuno niya mula pa kay Adan at Eba, sa mga kasalanan niya sa nakaraang mga reincarnation (past lives) or hindi kaya mga kasalanan niya sa mundong ito. Dahil nga sa sumpa na dulot ng mga kasalanan natin, tayo ay nakatakda dumanas sa mga pagdurusa at kamatayan. Kung kaya't ang ritual ay paraan na makabayad tayo sa ibang paraan sa pamamagitan nga ng pagpapasa ng pagdurusa at kamatayan na yun sa mga hayop. Parang brutal isipin, pero ito talaga ang kalakarang spiritual. Mas mabuti na ang hayop ang magdusa kesa ang tao, diba?

## Paano gumagana ang ritual?

Gumagana ang ritual sa pamamagitan ng pag-alay ng buhay ng hayop bilang kapalit sa kahilingan. Ang pagpa-agas ng dugo ay importante kasi dito pinapadaan ang mga sumpa na nililiipat mula sa taong niritualan papunta nga sa dugo ng hayop. Sa mismong pagkatay ng hayop ay pinapa-agas ang mga sumpa na nasa katawan ng taong niritualan.

**Sa ugat ng ritual, ito ay ang pagtanggal ng sumpa ng kliyente sa ritual para matanggal ang hadlang sa kahilingan ng kliyente para sa mas magandang buhay.**

## Bakit kailangan ng alay?

Ang mga alay ng hayop na ito ay unang una sa lahat ay inaalay sa Panginoon. Alam na ng mga relihiyon at relihiyosong pinuno ito mula sa unang panahon na ang lahat ng mga alay ay may katuturan. Kaya ngayon ay pinapaalala namin na ganoon talaga ang kalakaran sa spiritual. Lahat ng panalangin ay nangangailangan ng kapalit para ito ay maging epektibo.

Sa pag-aalay ng hayop, natutuwa ang Panginoon dahil may buhay na inialay bilang kapalit sa kasalanan at hindi na tayo ang haharap sa pagdurusa na

inilagay sa hayop at pinaagas sa dugo. Nakakakain din ang mga engkanto, kaluluwa at iba pang mga hindi nakikita sa inalay nating piging sa ritual para sila ay mabigyan ng karampatang enerhiya para kapalit sa pagsagawa nila sa mga kahilingan ng kliyente ng ritualista.

## Paano gawin ang ritual?

Isa-isahin natin ang iba-ibang hakbang sa paggawa ng isang ritual. Ang ritual na tinuturo ko rito ay ang ritual ayon sa style ng mga puting engkanto na tinuro sa akin. Maaaring may medyo pagkakaiba ang kada ritual ayon sa mga puting engkanto depende sa purpose pero ito ang pangkalahatang basic na paglalahad sa ano ang ritual at paano ito gawin.

## Mga hayop

Para gawin nga ang malakas na ritual, kailangan mo ng hayop na i-aalay. Kailangan ng may buhay katulad natin bilang tao. Hindi pwedeng prutas o gulay lang.

Dati, vegan din ako. Ibig sabihin hindi ako kumain ng kahit anong hayop o produkto na mula sa hayop. Pero noong nalaman ko na kailangan pala ang alay ng hayop para maging kapalit sa ating mga tao sa mga kasalanan natin, pumatay at kumain ulit ako ng hayop. Ako na mismo nga ang pumapatay bilang ritualista at dapat nga lang gawin natin ang pagpatay para ipasa natin ang mga sumpa at iba pang spiritual na atake sa mga hayop.

Ang pinakamadalas na mga gamitin na hayop ay manok, baboy at baka. Pwede din naman ang ibang mga hayop katulad ng kambing, karnero, pabo at pato pero hindi karaniwan ang mga ito gamitin.

Pinakamaayos na kulay para sa mga ito ay puti sana, pero hindi naman practical na palaging puting hayop ang makukuha dahil kaunti lang ang puti kumpara sa ibang mga kulay.

Mas ok din ang mga native na manok kesa sa 30 day chicken dahil yun ang gusto ng mga spirito. Kung wala talagang choice, pwede naman gamitin ang mga hindi native pero hindi masyado magustuhan ng mga alayan.

## Ritual Sacrifice: Pagpatay sa hayop

Ang pagpatay sa hayop ay gagawin sa pamamagitan ng matalim na kutsilyo. Practical na usapan lang ang pagpatalim ng kutsilyo para hindi matagal ang pagpatay sa mga hayop.

Para sa manok, ang pagpatay ay ang pagtanggal ng balahibo sa leeg at paggilit sa leeg. Para sa baboy o baka, ang paggilit din sa leeg ang pwedeng gawin. Pwede din tusukin sa puso ang hayop pero hindi ito masyado practical gawin sa mga maliit na hayop katulad ng manok.

**May kailangan din tayong pagdasal na gawin sa pagkatay.**

Isipin natin ang kliyente at ang pangalan niya tapos ano ang intensyon niya. Sabihin natin ang orasyon na kaakibat sa kapangyarihan para sa ritual niya tapos saka natin patayin ang hayop.

Pwede isa isahin mo ang pagdasal tapos pagpatay sa mga hayop or idasal mo ang para sa lahat ng kliyente tapos saka mo patayin ang mga hayop.

Importante lang na malinaw ang intensyon mo at nilalaan mo ang isang hayop para sa kada kliyente.

## Paglinis ng hayop

Ang paglinis ay normal na paglilinis katulad ng kapag kakatayin ang hayop para sa merkado, pero ang kaibahan nito ay minsan lalabas ang sakit ng pasyente o kliyente sa niritualang hayop.

So halimbawa ay binarang ang pasyente, maaaring ang batikolon ng manok ay namamaga at napupuno ng mga insekto at uod. Or halimbawa ay may sakit sa puso ang kliyente, pwedeng itim o may sakit din ang puso ng baboy na ritualan.

Kung makakita ka ng may sakit ang mga organs na nasa loob nga ng hayop na niritualan, wag mo kainin o isama sa alay. Itapon lang ang mga ito.

Dapat itapon ang mga balahibo at mga laman-loob na may sakit sa lugar na malayo sa tao.

## Pagtadtad sa hayop

Ang manok ay buo inaalay. Ganoon din para sa pato o pabo.

Kung baboy, baka o iba pang malaking hayop, hatiin ang mga ito sa 13 na bahagi. Ilatag sa plato or kalderin ang bawat bahagi ng hayop.

Ito ang i-aalay sa ritual.

## Pagluto sa karne

Lagain lang ang mga karne. Wag lagyan ng kahit anong seasoning or herbs. Wag lagyan ng asin, tanglad o anupaman.

Ito ay para lahat ng spirito ay makakain. Lahat kasi ay makakain kung walang kahit anong hinalo sa pagkain.

## Paghain sa hayop

Kung mga manok ang i-alay para sa maraming kliyente, dapat may plato para sa kada manok.

Kung baboy, baka o malaking hayop, ilatag sa 13 plato o kalderin ang 13 bahagi ng hayop (1 plato kada isang bahagi).

## Itlog

Kailangan din mag-alay ng itlog. Ang itlog ay simbolo ng kabilugan na umiikot ang grasya.

Ang kailangan ay isang itlog kada kliyente.

## Prutas

Prutas naman ay inaalay para matamis ang pagtanggap sa mga spirito. Kahit ano namang prutas ay pwede basta wag lang ang mga nakakatusok katulad ng durian. Hindi din ginagamit ang papaya dahil hindi ito tinatanggap ng karamihan sa spirito.

Kadalasan ay ginagamit ang saging, mangga, orange, pakwan at dragonfruit.

## Kanin

Kailangan mayroon din kanin lalo na at karamihan sa mga tao ay nasanay na din sa mga grains katulad ng kanin.

Kung nasa ibang bansa or walang magamit na bigas, pwedeng mais, trigo (tinapay) o anupamang grains ang gamitin na angkop at mas available para sa tao.

## Tubig

Tubig ay importante ding i-alay kasi basic na pangangailangan yan lahat na nagbibigay ng pagpawi sa uhaw at kalinawan dahil malinaw ang tubig.

Kada kliyente na ritualan ay isang baso ng tubig. Mas maganda ay puno ang baso ng tubig.

## Juice (Wine)

Ang katas ng grapes ay ang tradisyonal na ginagamit dito sa pag-alay at yan din yung ginagamit ng mga pari sa simbahan na iniinom nila. Non-alcoholic beverage ito so walang alcohol o hindi makalasing (0% alcohol).

Ang iba gumagamit din ng makalasing na alak sa ritual nila, pero hindi ito ang magandang gawin kung gusto nating makaayon sa striktong kabanalan ng mga puting engkanto para effective talaga ang gagawin nating ritual.

Kung walang ganitong klaseng juice, pwede din gamitin ang ibang juice o mga fruits na ginawang shake. Pwede rin gamitin ang mga softdrinks kung walang time o budget para sa mga fruits or grape juice.

Kada kliyente ay isang baso ng juice kung manok gamitin.

Kung malaking ritual naman na gagamit ng baboy o baka, maganda ay mas madaming baso ng tubig at juice ang gamitin na aabot sa 7 tubig at 6 na juice (13 total). Pwede din naman 1 tubig at 1 juice lang din.

## Kandila

Napakasimple at napakamura din pero napakahalaga nito. Ang kandila ay importante para magliwanag ang ritual area at makita ng mga spirito kung saan sila pupunta.

Ang liwanag mula sa kandila ay gabay nila parang guidelights din ng eroplano sa airport na lalandingan niya. Hindi pwedeng pekeng kandila na de kuryente o di kaya mga lampara na electric ang gamitin. Dapat totoong kandila kasi hindi na pwedeng ulit-ulitin ang paggamit sa mga liwanag at kailangan din ng totoong apoy.

Ang dami ng kandila ay nakadepende sa kung gaano kadami ang power na kailangan mo gamitin para sa ritual. Minimum ng 13 kandila sana ang gamitin at pwede padamihin habang dumadami ang kliyente o lumalakas ang power na kailangan gamitin.

Ang arrangement ng kandila ay dapat paikot ng mesa. Maglagay lang ng kaunting puwang sa harap kung saan ka mismo magdasal sa ritual para hindi ka mapaso sa pagdasal at pagpausok.

Ang mga kandila pagkatapos ng ritual ay tinatabi at pwede nang tadtarin at sunugin para ihalo sa mga materyales na maging suob / tuob.

## Usok

Ang usok naman ay importante para magtaboy ng mga masasamang spirito at pagbukas ng mga lagusan para sa mga papasok na spirito. Ito ay paglilinis sa hangin para ang makapasok lang ang mga karapatdapat pumasok at pagsusunog din sa masasama.

Ang ginagamit dito ay ang kamanyan o purong insenso. Tinatawag din itong frankincense. Yung crystalized orange na dagta mula sa kahoy ang insenso na tinutukoy ko rito bilang insenso.

Para sa magandang pagpausok, pwedeng gumamit ng magic charcoal para madaling pabagain tapos ito ay lalagyan ng insenso para umusok. Pwede din naman gumamit ng ordinaryong uling na pababagain para lagyan ng insenso.

Para sa lalagyan ng bumabagang uling kung saan lalagyan ng insenso, may mga incenser na katulad ng ginagamit sa mga simbahan na pwedeng bilhin. Pwede rin naman gumamit ng bao o ashtray para magpausok. Importante lang ay may malalagyan ng uling na hindi masusunog ang mesa.

Kailangan ng tongs o sipit para sa paghandle sa nagbabagang uling at kailangan ng kutsara para sa paglagay ng insenso kasi madikit ang insenso at mahirap tanggalin kung nadikit sa balat.

## Pag-arrange sa mga pagkain

Ang pag-arrange sa pagkain ay may iba-ibang paraan paano gawin.

Importante ay lahat ng mga pagkain ay nakahanda sa mesa.

Isang klase ng prutas ay nasa isang plato. Halimbawa ay lahat ng saging nasa isang plato. Tapos isang pakwan na hiniwa ay nasa isa pang plato. Tapos ang mga orange ay ilalagay lahat sa isang plato.

Pwedeng ipagsama ang lahat ng kanin sa isang plato o di kaya hati-hatiin na tig-isang sandok ang kada plato na may manok na alay.

Ang itlog ay pwedeng ilagay sa isang plato ang lahat ng itlog o di kaya isang itlog kada plato na nakalaan para sa kada kliyente. So kung lima ang kliyente, lima din ang itlog na ihanda kasi tig-isang itlog ang kailangan para sa mga kliyente.

## Ritual Offering: Pagdasal sa mga Hiling

Ang ritual offering ay ang mismong pagdasal na sa gabi ginagawa. Pwede din naman sa hapon pero mas maganda sa gabi sa oras ng 8 pm para talagang lahat ng lagusan ay nakabukas lalo na ang papunta sa purgartoryo (para sa mga kaluluwa).

So kung naihanda na ang pagkain, pwede ka na magsimula sa ritual. Maganda magsimula sa 8 pm ng ritual dahil bukas ang mga lagusan at makikita mo nga sa number 8 na may dalawang butas o lagusan.

Ang unang kailangan gawin ay ang pagsindi sa lahat ng kandila. Ito ay importante para maging signal na nagsimula na ang ritual at tinatawag mo na ang mga spirito.

Sunod, magsign of the cross ka para magsimula sa dasal.

Hilingin sa Diyos ang mga kahiliingan at pagtagumpay sa ritual.

Banggitin mo ang pangalan at birthdate ng mga kliyente mo tapos ang kahilingan nila o di kaya ang mga tatanggaling sumpa o sakit sa kanila.

Kausapin mo ng maayos ang mga spirito na nagbibigay sa kanila ng sakit o mga spirito na nag-aargabyado sa kanila. Sabihin mo na may alay kang pagkain para

sa kanila bilang kapalit sa mga kahilingan na dinarasal mo. Imbitahan mo sila para kumain at mag-enjoy sa inalay na pagkain.

Dasalin mo ang mga karampatang orasyon para sa mga kahilingan na nasa ritual.

Hipan mo ang pagkain para ipasa ang power ng dasal sa pagkain.

Pagkatapos nito ay mag-init ka ng uling at lagyan ng insenso ang pampausok mo at ikutin ito ng counter-clockwise ng 13 beses para magbukas ng mga lagusan tapos 3 beses pataas-baba.

Mag-timer ka ng 5 minutes at mag-obserba sa mga spiritong kumakain sa paligid.

Pwede ka magpatay ng ilaw para ang kandila lang ang makita mong liwanag sa paligid. Maganda din tingnan ang ganitong effect lalo na kung maraming kandila. Mas makakita ka din ng mga spirito kung ganito ang gawin.

Bukod sa pagkita sa mga spirito sa malausok na porma, pwede din magpakita sila sa porma ng mga insekto o hayop. Maaaring makakita ka din nga mga vision sa 3rd eye sa loob ng isip.

Kapag natapos na ang 5 minutong timer, magdasal ka ulit. Gawin mo ulit ang pagbanggit mo sa mga pangalan at birthdate ng mga kliyente mo - at ang kahilingan nila o di kaya ang mga tatanggaling sumpa o sakit sa kanila.

Kausapin mo ulit ng maayos ang mga spirito na nagbibigay sa kanila ng sakit o mga spirito na nag-aargabyado sa kanila. Ang sabihin mo naman ngayon ay salamat sa kanilang pagpunta at pagkain at yan na ang kapalit sa mga kahilingan natin sa kanila.

Dasalin mo ulit ang mga karampatang orasyon na angkop sa lahat ng mga kahilingan sa ritual.

Hipan mo ulit ang pagkain para ipasa ang power ng dasal sa pagkain.

Magpasalamat sa Diyos sa ritual at sa pagtulong sa pagpapatupad sa lahat.

Magpainit ulit ng uling tapos maglagay ng insenso para magpausok ulit. 13 beses na ikot counter-clockwise at 3 pataas-baba.

Sinasarado mo na ang ritual sa ngalan sa Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo. Amen Jesus. Sign of the cross yan.

Hipan mo na ang lahat ng kandila para patayin ang ilaw tapos buksan ulit ang ilaw.

Yan ang pinakabasic ng ritual. Hindi naman ito masyado mahirap gawin sa pisikal na paraan o paghahanda pero nakasalalay lang talaga ang kapangyarihan ng ritual sa kapangyarihan ng ritualista.

# BABALA!!!

Ang pagriritual ay hindi basta-basta. Ganoon din ang iba-ibang klase ng panggagamot. Kung kulang sa kabanalan o kapangyarihan ang isang tao tapos may makatapat siyang malakas na sakit o di kaya malakas na mangkukulam bilang kalaban, maaaring siya ang tablan o masumbalikan ng sakit.

May panganib ito katulad ng paggamit at pagsasa-ayos ng kuryente - pwedeng makamatay. Binababahagi ko ang kaalaman sa ritual pero nasa inyo pa din kung gusto niyong gawin ito mag-isa.

Ang ritual ay kaalaman na para lang sa mga handa na sa mas seryosong spiritual at malakas na ang spiritual na kapangyarihan. Binibigay ko nga lang ang karapatang ito sa mga misyonaryong koronado na.

**Kung magritual kayo na hindi nagmisyon at hindi pa nakoronahan, nasa inyo na ang responsibilidad sa ano ang mangyari sa inyo.**

Kung interesado kayo sa saktong proseso sa pagmimisyon, aralin ito:
https://ericroxas.com/misyon

Para sa pundasyon ng lahat ng spiritual na kapangyarihan, aralin at isabuhay ang Landas ng Kabanalan:
https://ericroxas.com/landas

Para sa malinaw na pagkakaunawa sa spiritual na katotohanan, aralin ito:
https://ericroxas.com/knk

Maraming salamat po at God bless!